



# Abiso sa Mga Empleyado

Employment Development Department
State of California

Ang iyong tagapag-empleyo ay nakarehistro sa at nag-uulat ng mga sahod sa Employment Development Department (EDD) gaya ng inaatas ng batas. Ang mga sahod ay ginagamit para sa sumusunod na mga programa ng benepisyo na maaari sa iyo.

## Insurance Para sa Walang Trabaho (UI)

**Pinopondohan nang buo ng mga buwis ng tagapag-empleyo.**

Nagkakaloob ng bahagyang kapalit na sahod kapag wala kang trabaho o nabawasan ang mga oras mo na hindi dahil sa iyo. Dapat mong matugunan ang lahat ng kinakailangan sa pagiging karapat-dapat upang makatanggap ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho.

Bisitahin ang File for Unemployment (edd.ca.gov/unemployment) para malaman kung paano mag-apply para sa mga benepisyo.

## Insurance sa Kapansanan (DI)

**Pinopondohan nang buo ng mga kontribusyon ng empleyado**

Nagkakaloob ng bahagyang kapalit nq sahod kapag hindi ka makapagtrabaho dahil sa pagkakasakit, pinsala, pagbubuntis, o kapansanan na hindi nauugnay sa trabaho. Dapat mong matugunan ang lahat ng kinakailangan sa pagiging karapat-dapat upang matanggap ang mga benepisyo sa kapansanan.

Bisitahin ang Disability Insurance (edd.ca.gov/Disability/Disability_Insurance.htm) upang malaman kung paano mag-apply para sa mga benepisyo.

## Bayad na Pagliban na Pampamilya (PFL)

**Pinopondohan nang buo ng mga kontribusyon ng empleyado**

**Nagbibigay ng bahagyang kapalit na sahod kapag kailangan mong lumiban sa trabaho para:**

- Mag-alaga sa isang malubhang maysakit na kapamilya.
- Makasama ang isang bagong anak.
- Makilahok sa isang nagkakwalipikang kaganapan dahil sa militar na pagkakatalaga sa ibang bansa ng isang kapamilya.

Bisitahin ang California Paid Family Leave (edd.ca.gov/PaidFamilyLeave) para malaman kung paano mag-apply para sa mga benepisyo.

**Tandaan:** Ang ibang mga empleyado ay maariang hindi kasama sa saklaw ng mga programa ng seguro sa itaas. Iligal ang magsinungaling o hindi magsiwalat ng mga katotohanan para maka-claim ng mga benepisyo. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang EDD (edd.ca.gov).

Ang EDD ay isang tagapag-empleyo/programa na nagbibigay ng patas na pagkakataon. Ang mga pantulong na aid at serbisyo ay available sa mga indibidwal na may mga kapansanan kapag hiniling. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o mga alternatibong format ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (boses). Para sa mga user ng TTY, tumawag sa California Relay Service sa 711.